

Pagdalumat Sa Mga Sinaunang Di- Materyal Na Kultura Ng Mga B'laan Sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato Mula Sa Kanilang Kwentong Bayan

Nelia O. Du, Ph.D.¹, Nerissa L. Hufana, Ph.D.²

¹University of Southern Mindanao, Kabacan, Cotabato, Philippines

²MSU-Iligan Institute of Technology, Iligan City, Philippines
sexyhels@yahoo.com.ph; johnelguafa@gmail.com

Date Received: July 15, 2014; Date Revised: November 10, 2014

Abstrak - Nilayon ng pag-aaral na lumikom ng kwentong bayan ng mga B'laan sa Brgy. Pisan, Kabacan, North Cotabato at dalumat ang kanilang di-materyal na kulturang masasalamang dito. Sa pagbibigay katuparan sa layunin, nasagot ang mga sumusunod na katanungan: (1) Ano ang mga kwentong bayan ng mga B'laan sa Pisan, Kabacan, Cotabato? (2) Anong mga di-materyal na kultura ang maaaring pagkakakilanlan ng mga B'laan ang masasalamang sa kanilang mga kwentong bayan? Paano ipinakita ang mga ito sa kanilang mga kwentong bayan? Saklaw ng pag-aaral na ito ang mga kwentong bayan na inuri ayon sa alamat, mito, salaysayin at pabula na kasasalamang ng di-materyal na kultura ng mga B'laan na nakatira sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato. Kwantitatibo at kwalitatibong disenyo ng pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral at sinuri ang mga datos sa pamamagitan ng deskriptibong pamaraan partikular ang kontent analisis. Pamaraang indihenous o pangkatutubo ang pamaraang ginamit.

Natuklasan na (1) May iba't ibang kwentong bayan sa genre na alamat na etiolohikal, mito, salaysayin, at pabula ang mga Blaang; (2) Iba't ibang di-materyal na kultura ang masasalamang sa mga kwentong bayan ng B'laan. Ito ang nabuong konklusyon: (1) Ang mga kwentong bayan ng B'laan ay kasasalamang ng kanilang di-materyal na kultura.

Mga Susing salita: B'laan, Kwentong Bayan, Di-materyal na Kultura

I. INTRODUKSYON

Ang panitikan ay isang bukas na talaarawan ng mga mamamayan. Sa talaarawang ito, mababasa ang panahon ng kasaysayan ng kultura ng isang pangkat. Makikita at makikilala mula rito ang tradisyon, kaugalian, paraan ng pamumuhay, paniniwala, at lahat ng tungkol sa isang grupo ng mga mamamayan.

Idinagdag pa ni Gonzales (1978) na itinatampok sa panitikan ang mga karanasan at kalagayan ng lipunan o pulutong ng mga taong naghahari sa kinauukulang panahon.

Naniniwala naman si Santiago (1989) na matalik na magkaugnay ang panitikan at kasaysayan. Sa pagtalakay sa kasaysayan ang pinagdaang mithiin at pakikipagtunggali para sa tribu o bayan.

Ganoon din ang panitikan. Ito ang nagsisilbing tulay tungo sa pag-unawa sa kultura ng isang nilalang na kabilang sa isang pangkat. Sa panitikan din

masasalamang ang dalawang uri ng kulturang ito—ang materyal at di materyal na kultura.

Maaaninag sa ating panitikan ang lalim ng ating kultura at ang malikhaing katalinuhan ng ating lahi (Buensuceso et al., 1997).

Sinabi ni Gonzales na hindi maaaring ihiwalay ang panitikan ng bayan sa kanyang kasaysayan, sa kanyang kultura at kabihasan. Ito'y larawan ng buhay, kahapon, ngayon at ng bukas. Lahat ng naganap na mga pangyayari sa baya'y nasasalamang sa panitikan.

Ayon kay Padre Chirino mula sa Buensuceso et al. (1997), ang ating mga ninuno ay nagkaroon ng mga samahang nagbubuklod-buklod sa kanila. Ang kanilang mga epiko, bugtong, at mga sawikain ay nagpasalin-salin sa sunod-sunod na henerasyon. Ang kanilang mga gawaing pampanitikan ay nauugnay sa kanilang pananampalataya at ritwal noong kanilang panahon.

Katunayan sa panitikan mahuhugot ang karanasan, gawain at paniniwala ng mga tao. Sa panitikan, pasulat

man o pasalita ay siyang magpapakita at magpapakilala sa mga taong kabilang sa isang partikular na pangkat.

Ang panitikan ay nagpapakita ng ating panlipunan at panlahing pagkakakilanlan. Ang ating kaugalian ay mababakas sa ating mga kwentong bayan, alamat, epiko, kantahing-bayan, kasabihan, bugtong, palaisipan at sinaunang dula (Villafuerte et al., 2000).

Kaya't upang makilala ang ibang pangkat na bumubuo sa bansa, nararapat lamang na alamin, pag-aralan at pahalagahan ang kanilang oral na panitikan.

Isang pangkat ng mga katutubo na nagtulak sa mananaliksik na ito'y pag-aralan ay ang mga B'laan sa Pisan, Kabacan, North Cotabato. Sila rin ay may natatanging panitikan na nagsisiwalat ng kanilang kultura at nagpapakilala ng kanilang identidad.

II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito na dalumatin ang kulturang di-materyal ng pangkat ng B'laan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato hango sa kanilang mga kwentong bayan. Sinagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga kwentong bayan ng mga B'laan sa Pisan, Kabacan, Cotabato?
2. Anong mga di-materyal na kultura ang maaaring pagkakakilanlan ng mga B'laan ang masasalamain sa kanilang mga kwentong bayan?

Ang mga B'laan

Ang mga B'laan ay sakop ng unang pangkat ng mga Indonesian na dumating at nanirahan sa Pilipinas mga 5,000 o 6,000 taon na ang nakararaan. Sila ang unang gumamit ng bangka bilang paraan ng kanilang transportasyon patungong Pilipinas. Maraming mga antropolohista ang makapagpapatunay na ang pangkat na ito ay nagmula sa Indonesia dahil sa pagkakatulad sa sistema ng ponemang patinig ng mga B'laan at ng mga Javanese sa Java. Pareho silang may pitong ponemang patinig. Mas gugustuhin ng mga B'laan na tawagin silang *B'laan* kaysa *Bilaan* dahil para sa kanila ang pagbigkas ng salitang ito na *Bilaan* ay nangangahulugan ng kawalang paggalang at kabastusan. Ayon sa isang interbyu sa grupong ito, ang pagbigkas nito na *Bilaan* ay nangangahulugang "malandi" o "kalandian". Ang terminong B'laan ay tumutukoy sa mga miyembro ng etnikong grupo na noon ay tinatawag na Bira-an, Baraan, Bla-an o Bilaan. Ang *Bila* ay nangangahulugang kaibigan. Ang mga B'laan ay mga tao sa bundok. Karaniwan silang nakatira sa mga matataas na bahagi sa mga bulubundukin ng North Cotabato, Davao, at

Sarangani Islands. May ilan din sa kanila na nakatira sa palibot ng Lake Buluan at ang ilan naman ay naninirahan malapit sa mga dalampasigan ng Davao.

Ang tribung B'laan ay isa sa labingwalong etniko grupong hindi kabilang sa pangkat ng mga Muslim na nanahanan sa Isla ng Mindanao. Ang B'laan ang itinuturing na pangatlo sa pinakamalaking pangkat. Ang una ay ang Subanon ng Zamboanga at pangalawa ang Aromano Manobo. Ayon kay Fulong Bantilan Diantan ng Malapatan, ang salitang B'laan ay katumbas din ng kahalagahan ng T'boli. Sa isang partikular na panahon ng kasaysayan, B'laan at T'boli lamang ang naninirahan sa silangang bahagi ng Sarangani Bay at sa kanlurang bahagi naman ang mga T'boli. Pinaniniwalaang ang T'boli ay mula sa salitang B'laan na To Bali na nangangahulugang mga tao sa kabilang panig ng lawa. Kaya't ang B'laan at T'boli ay magkaugnay.

Ang tirahan o lokasyon ng mga B'laan ay nasa pagitan ng longityud na 124-126 sa silangan at latityud na 5-8 sa timog. Sila ay inuri sa tatlong pangunahing pangkat ayon sa kanilang lokasyon. Una, ang Davao B'laan na matatagpuan sa munisipalidad ng Davao at Munisipalidad ng Mlang, Kidapawan at Tulunan. Pangalawa, ang Koronadal B'laan na kabisera ng Koronadal (Marbel) at sa Banga, Tupi, Surallah, T'boli, Tampakan, Polomolok at Malungon sa Probinsya ng Timog Cotabato, Lutayan at Columbio sa probinsya ng Sultan Kudarat at Datu Paglas sa probinsya ng Maguindanao. Pangatlo, ang Sarangani B'laan partikular sa Malapatan, Maasim, Alabel, Glan at ang siyudad ng General Santos. Kabilang din ang mga B'laan sa munisipalidad ng Jose Abad Santos at Isla ng Sarangani sa probinsya ng Davao del Sur. Ang bilang ng mga B'laan sa kasalukuyan ay umaabot sa 450,000 na matatagpuan sa iba't ibang lugar sa Mindanao.

Ang mga B'laan ay inuri din ayon sa sab na grupo: *To Lagad* o **highlanders** at *To Baba* o **lowlanders**. Ang **highlander** ay matatagpuan sa pagitan ng Davao del Sur, South Cotabato at Sultan Kudarat. Ang mga **lowlander** naman ay nakatira sa mga baybayin ng Sarangani, General Santos at Sarangani Islands. Halos lahat ng B'laan ay kabilang sa *To Lagad*.

Batayang Teoritikal

Ang pook at identidad ay may malaking kaugnayan. Ipinapakita ng konsepto ng pook ang kahalagahan ng lugar at kinaroroonan sa paghubog ng identidad.

Naniniwala ang mga katutubo na ang lupa ay buhay---ang salalayan ng kultura. Sa kasaysayan ng maraming katutubo, ang komprontasyon ng

magkakaibang pananaw tungkol sa lupa ay nagbunga sa pagtataboy sa mga katutubo sa kanilang katutubong lupain (Ashcroft et al., 2005).

Tulad ng mga B'laan na saklaw ng pag-aaral, silay ay nagpalipat-lipat din ng tirahan upang mahanap ang inaasam na pagtanggap at katahimikan.

Ang pag-aaral na ito ay nakasalig sa Post-colonial theory. The Post-colonial theory investigate what happens when two cultures clash and one of them with accompanying ideology empowers and deems itself superior to other (Sawant, 2012).

Ang postkolonyalismo ay isang teoryang giya sa pag-unawa sa mga isyu hinggil sa uri, kasarian at sekswalidad, lahi at etnisidad na may pag-uugat sa kolonyal na karanasan at kasaysayan. Hindi maitatwa ang impluwensiya ng kolonyalismo.

Ang postkolonyalismo ay tumutukoy sa yugto ng kasaysayan ng paglaya ng bansa sa kolonyal na kapangyarihan. Nilalayan ng postkolonyalismo na bigyan ng pribelihiyo ang sariling kasarinnan at determinasyon na nawaglit dahil sa karanasan at kasaysayan ng kolonyalismo.

Pinag-aaralan ng Post-kolonyalismo ang kasaysayan at pamana ng kolonyalismo mula sa disiplinaryong perspektibo ng literari at kultural na pag-aaral. Ginagalugad nito ang mayamang varayti ng kultural na objek (kasama na dito ang tekstong panliterari) mula sa range ng teoritikal at kritikal na perspektibo. Tinatalunton nito ang vexed historical at ang relasyon sa pagitan ng kultura, lahi, nasyonalidad at imperyalismo. (Post-colonialism studies the history and legacy of colonialism from the disciplinary perspective of literary and cultural studies. The field explores a rich variety of cultural objects (including literary texts) from a range of theoretical and critical perspectives. It traces


the vexed historical and enduring relationship between culture, race, nationality and imperialis Malpas at Wake (2006).

Mapapalalim ang pag-unawa at pagkilala sa pangkat ng mga B'laan kapag inalam ang kanilang nakaraan-ang kanilang kasaysayan. Sa pamamagitan nito, mabibigyang linaw at paliwanag ang tungkol sa mga gawi, kilos, pag-iisip ng mga B'laan ayon sa paglalarawan sa kanila ng kanilang sinaunang panitikan. Ito ay gagamiting sandigan sa pag-unawa sa kanilang panitikan at sa pagkilala sa kanilang kultura.

Malaki rin ang maiaambag sa pagsusuri ang inilarawan ni Graham Holderness tungkol sa cultural materialism. Ayon sa kanya:

Cultural materialism is a 'politicized form of historiography'. Study of historical material (which includes literary texts) within a politicized framework, this framework including the present which those literary texts have in some way helped to shape. Cultural materialism particularly involves using the past to 'read' the present, revealing the politics of our society by what we choose to emphasize or suppress of the past.

Ito ang siyang sandigan na sa pamamagitan ng nakaraan ay maaaring taluntunin ang kasalukuyan upang mailantad ang nagaganap sa lipunan maging sa kultura ng isang lahi. Tulad ng mga B'laan na may sariling paniniwala, tradisyon at kultura at kasaysayan. May malawak silang karanasan na maaaring taluntunin sa pamamagitan ng pagbalik sa kanilang nakaraan at magagamit ang kanilang panitikan sa pagbuo ng kanilang identidad sa kasalukuyan.



Figur 4. Iskima ng Paradaym ng Pag-aaral


Nakasulat sa itaas at pinakamalaking kahon ang kwentong bayan ng mga B'laan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato. Sa ibabang bahagi ng malaking kahon ay makikita ang isang mas maliliit na kahon. Ang maliit na kahon na itinaturo ng arrow ay nakasulat naman ang di-materyal na kultura ng mga B'laan na maaaring masalamin mula sa mga kwentong bayan na nakalap.

III. METODOLOHIYA


Sa isinagawang pag-aaral, ginamit ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, kombinasyon ng pamaraang palarawan o deskriptibo at pamaraang indehinus o pangkatutubo. Sinuri ang mga nakalap na oral na panitikan sa pamamagitan ng palarawan/deskriptibong pagsusuri, partikular ang pamaraang kontent analisis. Mula sa mga nakalap na oral na panitikan, sinagot ang katanungang inilahad sa unang kabanata ng pag-aaral.

Para sa kwantitatibong disenyo, nagamit ang isang tseklist upang mabalideyt ang ginawang pagsasalin. Nagamit din ang tseklist para sa mga impormante upang makalap ang datos tungkol sa mga nananatili at nalulusaw na mga materyal at di-materyal na kultura ng mga B'laan sa Pisan, Kabacan, Cotabato.

Ang mga impormanteng B'laan ay nakatira sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato. Ang nasabing barangay ay isa sa mga barangay na bumubuo sa bayan ng Kabacan na kabilang sa probinsiya ng Hilagang Cotabato. Ang Pisan ay mula sa salitang Maguindanaon na *Opisan* na nangangahulugang 'balatan'. Ang Pisan ay nasa dakong hilaga ng Kabacan na may maraming kuweba, maliliit na talon at sapa na umaagos sa ibaba ng bundok na magandang lugar para sa turismo. Siyamnapu't pitong (97 kms.) kilometro ang layo ng Brgy. Pisan sa Poblacion.



Figyur 6. Mapa ng Kabacan, Cotabato (Pinagkunan: Munisipyo ng Kabacan)



Figyur 7. Mapa ng Pisan na Tahanan ng mga B'laan (Pinagkunan: Munisipyo ng Kabacan)

Ang mga sumusunod ang siyang ginamit na batayan sa pagpili ng mga impormante (1) katutubong B'laan ng Pisan, Kabacan, Cotabato; (2) may edad apatnapu (40) pataas; (3) malawak ang kaalaman tungkol sa kulturang B'laan; at (4) maalam tungkol sa oral na panitikan ng B'laan. Ang mananaliksik ay gumamit ng **convenience** at **snow ball** sampling sa pangangalap ng mga impormante. Ang itinakdang mga kraytirya ang

ginamit na batayan sa pagpili ng mga impormante. Anim ang impormanteng pinagmulan ng mga kwentong bayang nakalap. Mahalagang ang isang impormante ay may kaalaman tungkol sa mga kwentong bayan ng pangkat na kanyang kinabibilangan. Pinili ang mga kwento na may kompletong elemento tulad ng tauhan, tagpuan at iba pa. Inayos ito ayon sa genreng kinabibilangan.

Talahanayan 1. Kwentong Bayan ng mga B'laan

KWENTONG BAYAN	PAMAGAT
Alamat na Etiolohikal (5)	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Taggutom (<i>Akdaw Fule</i>) ▪ Ang Usa (<i>Sladang</i>) ▪ Alamat Ng Unggoy (<i>Kagbot ye Ewas</i>) ▪ Tafe (<i>Tafe</i>) ▪ Si Bnoleng (<i>Bnoleng</i>)
Mito (1)	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Ang Paglikha ng Tao (<i>Akmo En Tao</i>)
Salaysayin (15)	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Ang Pag-ibig na Nabuo sa Snaal Kuhan (<i>Kassiwal Be Snaal Kuhan</i>) ▪ Ang Matandang Lalaki (<i>Tuha Loge</i>) ▪ Mang-aagaw na Matanda (<i>Toha Loge Mnagaw</i>) ▪ Ang Batang Ampon (<i>Nga Fikit</i>) ▪ Ang Datu ng Sabeng at Datu ng Sanlongit (<i>Tao Sabeng At Tao Sanlongit</i>) ▪ Ang Ulyaning Matanda at Si Datu Koloel (<i>Tuha Lebon na Loge Dnatu Koloel</i>) ▪ Inggiterang Babae (<i>Lebon Mafe Nawa</i>) ▪ Ang Prinsesa (<i>Lebon Bnoe</i>) ▪ Pag-aasawa (<i>Kasna Lebon</i>) ▪ Ulilang Babae (<i>Lebon be Kadlem</i>) ▪ Ang Prinsipe at ang Kanyang Asawa (<i>Loge dnato na Lebon Bnoe</i>) ▪ Ang Prinsipe sa Bukid Gdongos (<i>Loge Dnato be Bolol Gdongos</i>) ▪ Ang Pinuno (<i>Bong Tao</i>) ▪ Bayanihan (<i>Sanggan Amket Gene</i>) ▪ Si Taliley (<i>Taliley</i>)
Pabula (4)	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Si Palaka (<i>Fak</i>) ▪ Si Paitan, Alimango, Dalag at Palaka (<i>Faet, Klange, Alo na Fak</i>) ▪ Ang Kuhol at Palaka (<i>So na Fak</i>) ▪ Sina Bukaw at Tahaw (<i>Bukaw na Tahaw</i>)

Ang mga alamat ay pinamagatang Taggutom (*Akdaw Fule*), Ang Usa (*Sladang*), Alamat ng Unggoy (*Kagbot Ye Ewas*,) Si Tafe (*Tafe*), at Si Bnoleng (*Bnoleng*).

Ang nag-iisang mito na nakalap ay may pamagat na Ang Paglikha ng Tao (*Akmo En Tao*).

Ang mga Salaysayin ay Ang Pag-ibig na Nabuo sa Snaal Kuhan (*Kassiwal Be Snaal Kuhan*), Ang Matandang Lalaki (*Tuha Loge*), Mang-aagaw na Matanda (*Toha Loge Mnagaw*), Ang Batang Ampon (*Nga Fikit*), ang Datu ng Sabeng at Datu ng Sanlongit (*Tao Sabeng na Tao Sanlongit*), Ang Ulyaning Matanda at Si Datu Koloel (*Tuha Lebon na Loge Dnatu Koloel*), Inggiterang Babae (*Lebon Mafe Nawa*), Ang Prinsesa (*Lebon Bnoe*), Pag-aasawa (*Kasna Lebon*), Ulilang Babae (*Lebon be Kadlem*), Ang Prinsipe (*Loge Dnato*) Ang Prinsipe at ang Kanyang Asawa (*Loge Dnatu na Lebon Bnoe*), Ang prinsipe sa Bukid Gdongos (*Loge Dnato be Bolol*)

Ang mga pabula ay Si Palaka (*Fak*), Si Paitan, Alimango at Palaka (*Faet, Klange na Fak*) Ang Kuhol at ang Palaka (*So na Fak*) at Sina Bukaw at Tahaw (*Kang na Tahaw*).

IV. RESULTA NG PAG-AARAL

1. May mga kwentong bayan ang mga B'laan na mauuri sa alamat na etiolohikal, mito, salaysayin at pabula na kasasalaminan ng materyal at di-materyal na kultura ng kanilang pangkat. May kabuuang bilang na dalawampu't limang kwentong bayan ng mga B'laan ang nakalap at sinuri.
2. Ang mga di-materyal na kulturang nakapaloob sa mga kwentong bayan mula sa iba't ibang kategorya ay **Kaugalian at Paniniwala** na kinapapalooban ng paniniwala sa *Akdaw Fule*, pagsasaalang-alang sa bituin bilang hudyat ng pag-aani, paniniwala sa langit, paniniwala sa mga paraan upang makarating

sa langit, pagpapahalaga at pangangalaga sa nilikha ng D'wata, pagsasagawa ng *kanduli*, paggamit ng dahon at halaman sa panggamt ng sugat at iba't ibang uri ng karamdaman, hindi paglilibing sa patay, paniniwalang totoo o magkakatotoo ang panaginip, pagpapaalam sa magulang o nakatatanda tuwing aalis, paghingi ng pahintulot sa magulang o nakatatanda bago gawin ang isang bagay, paniniwala sa mga ipinagbabawal kainin at mahawakan, pagbabayo ng palay, paraan ng pagkatay ng hayop, pagnganganga, pagtatanim at pag-aani ng nganga, pangangaso, pagtatanim bilang pangunahing ikinabubuhay.

3. Sa kategoryang ayon sa **Pampamilya** ay nakapaloob ang responsibilidad ng ama na buhayin ang kanyang pamilya, pananatili ng anak na babae sa bahay upang isagawa ang mga gawaing bahay, pagtulong ng anak na lalaki sa ama sa paghahanap ng makakain ng pamilya, pagtatrabaho ng bana sa bukid, ginagampanan ng asawang babae ang pagluluto, mapunyaging ama, pag-aasikaso ng babae sa kanyang bana, labis na pagmamalasakit ng magulang sa anak.
4. Makikita naman ang mga kulturang kabilang sa **Pagpapakasal at Pag-aasawa** ang pag-uusap ng magulang ng ikakasal, paraan ng pagsasagawa ng kasal, matanda o datu ang namumuno sa kasal, paghingi ng pahintulot ng binata sa magulang ng dalagang nais na mapangasawa, arental marriage, pagbibigayan ng sablag (dowry) ng pamilya ng binata at dalagang magpapakasal, pagpapagawa ng mga bagay sa binata, kapalit ng pagpapakasal nito sa dalagang nais na mapangasawa.
5. Ang mga **Katangian** ng mga B'laan na masasalamon sa kanilang kwentong bayan ay ang pagiging mapamaraan, matatag, matiisin, mapayapa at mapagmahal sa kapwa, mapagbigay, mapagmalasakit sa kapwa, mapagsamantala, mapagmahal sa pamilya, magiliw sa panauhin, mapaghiganti, matapang, hindi mapagtanim ng sama ng loob, matapat, matulungin at alisto

V. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Napatunayan sa pag-aaral na ang mga kwentong bayan ng mga B'laan ay kasasalamon ng kanilang di-materyal na kultura na siyang magpapakilala sa kanila.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, iminumungkahi ang pagsagawa ng ibayo pang pag-aaral sa iba pang anyo ng panitikan ng mga B'laan. Magsagawa ng pahambing na pag-aaral sa mga kwentong bayan ng

B'laan sa North Cotabato, South Cotabato at Sultan Kudarat.

REFERENCES

- Aschcroft, B., Griffiths, G. & Helen Tiffin, H. (Eds.). (2005). *The Post Colonial Studies Reader*. London: Routledge.
- Buensuceso, T.S., et al. (1997). *Panitikang Filipino*. Manila:UST Publishing House.
- Magoullick, M. *Folklore*. Retrieved February 20, 2013 from [Folklore Connections \(http://www.faculty.de.gcsu.edu/~mmagouli/index.shtml\)](http://www.faculty.de.gcsu.edu/~mmagouli/index.shtml).
- Malpas, S. & Wake, P. (Eds.). (2006). *The Routledge companion to critical theory*. New York: Routledge Taylor and Francis Group.
- Santiago, E.M., Kahayon, A.H.& Lindico, M.P. (1998). *Panitikang Filipino kasaysayan at pag-unlad pangkolehiyo*. Manila: National Book Store.
- Sawant, S.B. (2012). Postcolonial theory: Meaning and significance. In Shinde, G.N. & Mirza, S.B. (Eds.), *Post modern literary theory and literature (PLTL-2012)* (pp.120-201). Retrieved February 20, 2013 (<http://igcollege.org/files/pdf/3%20Post-Colonialism.pdf>).
- Villafuerte, P.V., et al. (2000). *Panitikang panrehiyon sa Pilipinas*. Valenzuela City: Mutya Publishing House.